ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# KOOPERATIBONG PAGKATUTO AT KAKAYAHANG KOMUNIKATIBO NG MGA MAG-AARAL SA MEDYOR SA FILIPINO NG KAPALONG COLLEGE OF AGRICULTURE SCIENCES AND TECHNOLOGY

**Manny B. Lig-onan[1], Jobell B. Jajalla, PhD[2]**

[1]*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

[2]*Research Adviser, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra19775**
**DOI No: 10.36713/epra19775**

## ABSTRAK

*Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito mabatid ang pagkakaugnay ng kooperatibong pagkatuto at kakayahang komunikatibo ng mga estudyante sa medyor sa Filipino. Naabot ang layunin ng pananaliksik na ito sa pamamagitan ng estadistikong pamamaraan. Ang pananaliksik na ito ay ayon sa pamamaraang palarawang ugnayan na disenyo ng pananaliksik na ginagamitan ng talatanungan upang malaman ang makabuluhang ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Ang mga respondente sa pag-aaral na ito ay binubuo ng mga mag-aaral sa Batsilyer ng Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology na may kabuoang bilang na 176 na respondente. Ang nalikom na datos ay sinuri sa pamamagitan ng Mean at Person-r. Natuklasan sa resulta ng pagsusuri sa kooperatibong pagkatuto batay sa indikeytor nito na positibong pagtutulungan, indibidwal at pangkatang pananagutan, harapang pampromosyon at interaktibo, kakayahang diskorsal at pangkatang proseso. Habang ang kakayahang komunikatibo batay sa indiketor na kakayahang lingguwistiko, kakayahang sosyolingguwistiko, kakayahang pragmatik at istratedyik at kakayahang diskorsal. Lumabas sa resulta na may makabuluhang ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology.*

**SUSING SALITA***: kooperatibong pagkatuto, kakayahang komunikatibo, mag-aaral sa medyor sa Filipino, Pilipinas*

## INTRODUKSYON

Ang mababang kakayahang komunikatibo ay may dahilan kasama na ang hindi sapat sa kasanayan sa wika na isa sa hadlang sa kakayahan ng isang tao na maipahayag nang epektibo ang mga ideya. Bukod dito, ang kakulangan sa tiwala sa sarili o takot sa pagkakamali sa pakipagkomunikasyon ay maaaring magdulot ng pagkamahiyain at hadlangan ang pag-unlad ng wika. Ang kawalan ng kumpiyansa sa sarili at takot sa paghuhusga sa mga sitwasyong pang-usapan ay maaari rin magdulot ng mababang kakayahang komunikatibo. Ang kakulangan sa sapat na pagbabahagi sa iba-ibang konteksto ng wika at limitadong mga pagkakataon ay isa sa dahilan ng kawalan ng interes, dahil ang kasanayan sa wika ay kadalasang umaasa sa patuloy at ibat ibang mga karanasan (Dornyie, 2018).

Sa bansang Saudi Arabia, isa sa hamon na kinakaharap ng guro sa middle school sa pamamaraang pagtuturo ay ang komunikasyon sa wika, pinakilala ang isang bagong patakaran hinggil sa paraan ng pagtuturo ng wikang Ingles sa mga paaralan dahil lalong naging malinaw na wikang Ingles ang magiging pangunahing bahagi sa larangan ng pagtuturo sa bansa. Samakatuwid, ang iba pang hamon na may kinalaman sa mag-aaral ng wika, kawalan ng motibasyon ng estudyante na matuto sa target na wika, kasanayang estilo ng pagaaral, pagtutol na makilahok sa komunikatibong aktibidad, mababang kumpiyansa at paghahanda sa silid-aralan, at mababang antas ng kasanayang komunikatibo (Alharbi, 2020).

Sa Pilipinas partikular na sa Agusan del Norte, maraming mag-aaral sa mataas na paaralan ng Saint Michael College of Caraga ang nakakaranas ng mga bunga ng kakulangan sa kasanayang komunikatibo sa pagsasalita. Ang kakulangan sa kasanayang pagsasalita sa publiko ng ilang estudyante ay maaaring hadlang sa kanilang kakayahang makipag-ugnayan nang epektibo sa ibat ibang konteksto. Ang hamon ay nagmumula dahil hindi maiiwasan sa mga mag-aaral na makipagkomunikasyon gamit ang wikang Ingles. Ang mag-aaral na may mahusay na kakayahan sa komunikasyon ay hindi lamang kayang umangat sa pang-araw-araw na usapan ngunit kayang umangat sa mas kumplikadong antas ng kasanayan sa Ingles, kasama na ang pakikipag-ugnayan at paghahatid ng mga impormasyon. Ang pagbuo ng mga kasanayang pangwika tulad nito ay mahalaga para sa mga mag-

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

aaral, sapagkat, kailangan nilang maipahayag nang epektibo ang kanilang sarili at makipagtulungan sa pang-akademiko at pangpropesyonal (Chentez et al., 2019).

Ang pananaliksik na ito ay may malalim na kahalagahan sa ibat ibang antas. Makatutulong ito sa pagpapatibay ng kakayahan sa pangkomunikasyon ng mga magaaral at sa kanilang mental na kakayahan. Sa edukasyon, magiging gabay ito para sa guro at institusyon upang mas mapabuti ang kanilang pamamaraan sa pagtuturo at disenyo ng kurikulum. Bukod dito, maging gabay rin ito sa problema at suliranin sa panlipunan sa pagsusulong ng pantay-pantay na edukasyon, at pagtugon sa patuloy na problema ng kakayahang pangkomunikatibo ng mga estudyante. Ang pangangailangang isagawa ang pag-aaral na ito ay napakahalaga, upang mabigyan ng suliranin lalo na kinakailangan na mabigyan at suportahan ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa kooperatibong pagkatuto na maangkop sa pagbabago sa larangan ng edukasyon, at tiyakin ang makabuluhang kinabukasan para sa lipunan.

## LAYUNIN NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay naglalayong mabigyang tuon ang kooperatibong pagkatuto at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

Ang pananaliksik na ito ay tiyakin na makakukuha ng sagot sa sumusunod na mga layunin:

1. Matukoy ang antas ng kooperatibong pagkatuto batay sa:
   - 1.1 positibong pagtutulungan;
   - 1.2 indibidwal at pangkatang pananagutan;
   - 1.3 harapang pampromosyon at interaktibo;
   - 1.4 kasanayang interpersonal; at
   - 1.5 pangkatang proseso.
2. Matukoy ang antas ng kakayahang komunikatibo batay sa:
   - 2.1 kakayahang lingguwistiko
   - 2.2 kakayahang sosyolingguwistiko
   - 2.3 kakayahang pragmatik at istratedyik; at
   - 2.4 kakayahang diskorsal.
3. Tukuyin ang ugnayan ng antas ng kooperatibong pagkatuto at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

## HAYPOTESIS

Ang mga sumusunod ay susubukan sa 0.05 antas ng kabuluhan. Walang makabuluhang ugnayan ang antas ng Kooperatibong Pagkatuto at Kakayahang Komunikatibo ng mga mag-aaral ng medyor sa Filipino.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananaliksik

Kwantitatibong disenyo ng pananaliksik ang ginamit sa pag-aaral na ito sa deskriptibong-korelasyonal na teknik upang tukuyin ang kooperatibong pagkatuto at kakayahang komunikatibo ng medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ang pamamaraang ito ay ginamit upang sukatin at suriin ang mga baryabol upang makapagtala ng mga resulta. Ang estratehiyang ito ay naglalaman ng pagtukoy ng isang problema o phenomenon sa pamamagitan ng pagkolekta ng numerikong datos upang suriin gamit ang mga instrumentong matematikal, partikular na ang estatistika (Apuke, 2017).

Ginamit ang deskriptibong-korelasyonal na disenyo upang ipaliwanag ang dalawang baryabol at ang mga natural na korelasyon na umiiral sa pagitan ng dalawang baryabol. Ginamit din ito upang malaman kung mayroong makabuluhang relasyon at ugnayan ng dalawang baryabol: ang malayang baryabol ay ang kooperatibong pagkatuto, at ang di-malayang baryabol ay ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral (Harahap & Parede, 2017).

Sa konteksto ng pananaliksik, nakatutulong ito sa pagtukoy ng kaugnayan o relasyon sa pagitan ng baryabol na nagpapaliwanag sa problemang pinag-aaralan at nagbibigay ng datos batay sa kwantitatibong pagsusuri. Sa pamamagitan nito, ang mananaliksik ay maaaring magtala ng mga tiyak na resulta na batay sa data at nagbibigay linaw sa ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral sa medyor sa Filipino.

### Lokasyon at Respondente ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay isinagawa sa *Kapalong College of Agriculture Sciences and Technology*. Ang kalahok ng pananaliksik ay piling mag-aaral sa programang edukasyon medyor sa Filipino na may kabuoang populasyon na 327. Hiningi ng mananaliksik ang bilang ng mga respondente sa bawat seksyon. Ang pangunahing layunin ng pananaliksik na ito ay pag-aralan ang mga magaaral na kumukuha ng Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon na may medyor sa Filipino para sa taong pang-akademiko 2023-2024. Matapos makalap ang mga datos, ang mananaliksik ay nagpadala ng impormasyon sa statistician na responsable sa pagkalkula ng sampol para sa pag-aaral. Ginamit ang pormula ni Slovin na may 0.05 *margin of error* sa pagsasagawa ng pananaliksik, at pinili ang 176 respondente mula sa 327 na mag-aaral gamit ang stratified random sampling na may *proportional allocation* upang tiyakin ang tamang distribusyon ng mga sampol.

### Instrunento ng Pananaliksik

May dalawang pamamaraang ginamit sa pananaliksik. Una, ang talatanungan na ginamit para sa malayang baryabol na pagsasakaturapan sa tungkulin at talatanungan na ginamit para sa di-malayang baryabol na pagiging epektibo sa sarili. Ang mga instrumentong ginamit para sa dalawang baryabol ay mga talatanungang ginawa ng mananaliksik at ito ay pag-aaralan ng miyembro ng panel para sa balidasyon. Ang *Five-point Likert Scale* ay ginamit bilang batayan sa paglalarawan ng kooperatibong pagkatuto at ang kakayahang komunikatbo ng mga respondente. Sa scale na ito, ipinaliwanag na ang mga respondente ay magbibigay ng tugon sa pamamagitan ng pagtsek ng isang punto o pagbilog ng isang numero. Sa gayon, ang mga kalahok na tinatanong ay gamit ang *Five-point Likert Scale* (mula

sa napakataas hanggang napakababa). Pagkatapos ay pinagsama ang bilang ng aytem upang magbigay ng mga respondente ng bilang na nagpapakita ng antas. Sa pagtukoy ng kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral, ginamit ang mananaliksik ang eskala sa ibaba.

| Agwat ng Mean | Katumbas na Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30 - 5.00 | Pinakamataas | Ang kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral ay palaging naipamalas. |
| 3.50 - 4.20 | Mataas | Ang kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral ay madalas naipamalas. |
| 2.70 - 3.40 | Katamtaman | Ang kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral ay paminsan-minsang naipamalas |
| 1.90 - 2.60 | Mababa | Ang kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral ay bihirang naipamalas. |
| 1.0 - 1.80 | Pinakababa | Ang kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral ay kailanman naipamalas. |

Ang kabilang banda, narito ang eskala na ginamit ng mananaliksik upang matukoy ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral.

| Agwat ng Mean | Katumbas na Deskripsyon | Interpretasyon |
|---|---|---|
| 4.30 - 5.00 | Pinakamataas | Ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay palaging naipamalas. |
| 3.50 - 4.20 | Mataas | Ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay madalas naipamalas. |
| 2.70 - 3.40 | Katamtaman | Ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay paminsan-minsang naipamalas |
| 1.90 - 2.60 | Mababa | Ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay bihirang naipamalas. |
| 1.0 - 1.80 | Pinakababa | Ang kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay kailanman naipamalas. |

**Pagkolekta ng Datos**
Sa pagkuha ng datos, isasagawa ng mananaliksik ang sumusunod na hakbang:
**Pagbuo ng Talatanungan**. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng paghahanap ng mga talatanungan mula sa mga dyornal na artikulo at kaugnay na pananaliksik sa internet upang matiyak na may kaugnayan ito sa dalawang baryabol.

**Rebisyon at Balidasyon ng mga Talatanungan**. Matapos mabuo ang mga talatanungang ginamit, ito ay isinumite sa isang panel ng mga eksperto para sa pagsusuri at paglalapat sa konteksto ng pag-aaral. Sinunod ng mananaliksik ang mga mungkahi ng mga eksperto para sa mga rebisyon hanggang sa tuluyang maaprubahan ang paggamit nito.

**Paghingi ng Pahintulot na Magsagawa ng Pag-aaral**. Ang mananaliksik ay unang humingi ng pahintulot mula sa pinuno ng institusyon at sa bise presidente para sa pang-akademikong gawain sa pamamagitan ng isang liham na nilagdaan ng tagapayo ng pananaliksik.

**Distribusyon ng mga Talatanungan**. Matapos maibalidipika at maaprubahan sa panel ng mga eksperto ang talatanungan, ang instrumento ng pananaliksik ay ipamamahagi nang direkta sa mga kalahok gamit ang printed na survey questionnaire. Kasama rin dito ang pahintulot na nagsasaad na ang pananaliksik ay isasagawa na ng mananaliksik sa mga mag-aaral na may espesyalisasyon sa Filipino.

**Istatistikal na Tritment ng Datos**.
Ang sumusunod na kagamitang estatistikal ay ginamit sa pagkalkula ng mga datos sa pag-aaral na ito lalo na pagsukat sa layunin ng mananaliksik na may 0.5 na antas ng katiyakan.

***Mean***. Ginamit ito sa pag-aaral na nagpapakita ng mga pamantayan at kabuoan ng isang hanay ng datos na hinati. Maaari itong ituring na isang epektibong pamamaraan sa paghahambing ng ibang hanay ng datos at pagkuha ng pangkalahatang resulta mula sa instrumentong ginamit sa pagsasaliksik.

***Person r***. Ginamit ito sa pananaliksik bilang isang sukatan ng pagpapakalat ng isang pamamahagi ng dalas na ang *squareroot of arithmetic mean* ng mga parisukat ng paglihis sa bawat isa ng mga *frequency* na klase mula sa *arithmetic mean* ng pamamahagi ng *data*.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

## RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1**
*Antas ng Kooperatibong Pagkatuto Batay sa Positibong Pagtutulungan*

| Positibong Pagtutulungan | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Masaya ako sa tagumpay ng grupo bilang kabuoan. | 4.72 | Pinakamataas |
| 2. Nagtutulungan kami sa pagsagot kapag may aktibidad. | 4.53 | Pinakamataas |
| 3. Nagbabahagi ako ng mga gawain sa aking mga kagrupo. | 4.34 | Pinakamataas |
| 4. Nagagawa kong umasa sa aking mga kagrupo at gayun din sila sa akin. | 3.69 | Mataas |
| 5. Napapahalagahan ko ang kontribusyon ng aking mga kagrupo. | 4.63 | Pinakamtaas |
| **KABUOAN** | **4.38** | **Pinakamataas** |

**Talahanayan 2**
*Antas ng Kooperatibong Pagkatuto Batay sa Indibidwal at Pangkatang Pananagutan*

| Indibidwal at Pangkatang Pananagutan | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nagbibigay ako ng positibong kontribusyon sa grupo. | 4.45 | Pinakamataas |
| 2. Nakikita kong ang pagtutulungan ay nakakaingganyo. | 4.65 | Pinakamataas |
| 3. Nagagawa kong magbahagi ng kaalaman sa grupo. | 4.39 | Pinakamataas |
| 4. Nagagawa akong magbahagi ng kaalaman sa kanila at binigyan rin ng halaga ang kanilang opinyon. | 4.44 | Pinakamataas |
| 5. Alam ko kung ano ang aking tungkulin sa grupo. | 4.58 | Pinakamtaas |
| **KABUOAN** | **4.50** | **Pinakamataas** |

**Talahanayan 3**
*Antas ng Kooperatibong Pagkatuto Batay sa Harapang Pampromosyon at Interaktibo*

| Harapang Pampromosyon at Interaktibo | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Natututo ako sa asignatura sa pakikipagkooperasyon sa grupo. | 4.48 | Pinakamataas |
| 2. Sa pagbibigay ng tanong, nakatutulong sa akin upang mas maunawaan ko ang paksa. | 4.51 | Pinakamataas |
| 3. Ang pakikipagkooperasyon ay nakatutulong sa akin upang mahasa ang aking kakayahan. | 4.63 | Pinakamataas |
| 4. Ang pakikipagkooperasyon ay nakatutulong upang mas maunawaan ko pa ang asignatura. | 4.67 | Pinakamataas |
| 5. Gumagawa kami ng maayos na mga desisyon. | 4.50 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.56** | **Pinakamataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 4**
*Antas ng Kooperatibong Pagkatuto Batay sa Kakayahang Interpersonal*

| Kakayahang Interpersonal | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nakikinig ako at nirerespeto ang ideya ng iba. | 4.83 | Pinakamataas |
| 2. Ang pakikipagkooperasyon ay nakakabawas ng stress. | 4.39 | Pinakamataas |
| 3. Sa pakikipagkooperasyon sa iba ay nahahasa ang aking kakayahan sa pakikipagkomunikasyon. | 4.59 | Pinakamataas |
| 4. Nagagawa kong magbigay ng aking ideya, personalidad, mga gawain at iba pa sa aking mga kagrupo. | 4.38 | Pinakamataas |
| 5. May oportunidad akong makipag-usap sa aking mga kagrupo. | 4.49 | Pinakamtaas |
| **KABUOAN** | **4.54** | **Pinakamataas** |

**Talahanayan 5**
*Antas ng Kooperatibong Pagkatuto Batay sa Pangkatang Proseso*

| Pangkatang Proseso | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Nagagawa naming makuha ang aming layunin sa grupo. | 4.40 | Pinakamataas |
| 2. Ang pagtatrabaho ng magtutulungan ay nakakatulong sa maayos na kooperasyon. | 4.68 | Pinakamataas |
| 3. Nasiyahan akong magtrabaho kasama ang aking mga miyembro bilang isang pangkat. | 4.55 | Pinakamataas |
| 4. Ang pakikipagtulungan ay nakakatulong upang mabawasan ang miskonsepsyon sa asignatura. | 4.68 | Pinakamataas |
| 5. Natuto ako sa aking pagkakamali at nagagawa kong magparaya sa aking mga miyembro. | 4.46 | Pinakamtaas |
| **KABUOAN** | **4.55** | **Pinakamataas** |

**Talahanayan 6**
*Buod ng Antas ng Kooperatibong Pagkatuto*

| IndIkeytor | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Positibong Pagtutulungan | 4.38 | Pinakamataas |
| Indibidwal at Pangkatang Pananagutan | 4.50 | Pinakamataas |
| Harapang Pampromosyon at Interaktibo | 4.56 | Pinakamataas |
| Kakayahang Interpersonal | 4.54 | Pinakamataas |
| Pangkatang Proseso | 4.55 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.51** | **Pinakamataas** |

**Antas ng Kooperatibong Pagkatuto.** Ang kabuoang antas ng kooperatibong pagkatuto ng mga respondente ay nakakuha ng pinakamataas ayon sa kanilang tugon sa antas ng kooperatibong pagkatuto kabilang na rito ang mga indikeytor na positibong pagtutulungan, indibidwal at pangkatang pananagutan, harapang pampromosyon at interaktibo, kakayahang interpersonal at pangkatang proseso. Nagpapahayag na ang kooperatibong pagkatuto ng mga estudyante sa medyor sa Filipino ng KCAST ay nagtamo ng pinakamataas na *mean*. Ibig sabihin na ang kooperatibong pagkatuto ay palaging naipakita ng nga estudyante. Nagpapahiwatig ito na nauunawaan ng respondente na mas natututo sila sa pagpapahayag at pagpapaliwanag ng kanilanng ideya sa tulong ng pakikipagkooperasyon sa grupo.

Umayon ito sa resulta ng pagsusuri ni Mendo-Lazaro et al (2022) na ang kooperatibong pagkatuto ay isang epektibong pamamaraan para sa pag-udyok sa mag-aaral sa unibersidad na magbuo ng akademikong layunin na nagbibigay inspirasyon upang lubusan nilang pagtutulungan ang gawain na itinakda sa kanila upang magkaroon ng kaalaman at kasanayan. Dagdag pa, na ang pag-aaral ay sumusuri ng ugnayan ng kooperatibong pagkatuto at layuning pang-akademiko. Binibigyang diin ang papel ng mga pamamaraan ng kooperatibong pagkatuto sa paghubog sa layunin ng pagkatuto. Ang pangunahing praktikal na implikasyon sa mga guro sa unibersidad ay ang kahalagahan ng paggamit ng pamamaraang kooperatibong pagkatuto sa paaralan.

Dagdag pa, sa pananaliksik ni Kalifeh et al. (2022) batay sa resulta na nagsasaad na karamihan sa bata na matuto sa wikang Ingles na walang kahirap-hirap kapag ang guro ay gumamit ng kooperatibong kasanayan sa estratehiya ng pagtuturo. Lumabas sa pananaliksik na positibo ang resulta, sa pamamagitan ng interbyu ng guro sa Ingles ng *Amman Arab Unibersity* na alamin ang kanilang estratehiya sa pagtuturo at saklaw ng kanilang paggamit ng mga kasanayan sa kooperatibong pagkatuto. Sa pangkalahatan, mas pinipili nila ang harapang instruksyon pati na rin ang ibat ibang kooperatibong estratehiya. Bukod pa rito, ipinakita rin sa resulta gamit ang talatanungan na nagpapakita na mataas ang pananaw ng mga estudyante sa kooperatibong pagkatuto.

Kaugnay din sa pananaliksik na isinagawa ni Lopez et al. (2023), lumabas sa resulta ng pagsusuri ang pinakamataas na antas ng pag-aangkin ng pangunahing kakayahan sa grupo ay sa pamamagitan ng kakayahang sosyal, pakikipag-ugnayan, at positibong pagtutulungan. Ito ay nagpapalakas at nagpapadali ng bawat isa na maabot ang layunin ng grupo. Ito rin ay nagpapalago ng malawak na antas ng pagkatuto at estratehiyang pangangatuwiran na humantong sa pagpapanatili ng natutuhan sa mas mahabang panahon.

**Talahanayan 7**

*Antas ng Kakayahang Komunikatibo Batay sa Kakayahang Lingguwistiko*

| Kakayahang Lingguwistiko | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Gumagamit ako ng angkop na wika, tulad ng wastong paggamit ng mga panghalip, pangngalan, pandiwa at pang-uri. | 4.07 | Pinakamataas |
| 2. Nagbibigay ako ng isang malinaw at mahusay na paliwanag ng aking sariling kaalaman at ideya. | 3.96 | Mataas |
| 3. Nagbibigay ako ng isang malinaw at mahusay na paliwanag, pagtatali, pagwawasto, pagtanggi at puna. | 3.90 | Mataas |
| 4. Gumagamit ako ng angkop na bokabularyo sa ibat ibang mga sitwasyon sa komunikasyon, diin at tono sa pagsasalita. | 3.83 | Mataas |
| 5. Gumagamit ako ng wasto at angkop na salita sa pagpapahayag ng kaalaman. | 3.74 | Mataas |
| **KABUOAN** | **3.90** | **Mataas** |

**Talahanayan 8**

*Antas ng Kakayahang Komunikatibo Batay sa Kakayahang Sosyolingguwistiko*

| Kakayahang Lingguwistiko | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Gumagamit ako ng angkop na mga pagkilala at pagtawag na gagamitin sa mag-aaral at iba pang mga indibidwal. | 4.31 | Pinakamataas |
| 2. Nagbibigay ako ng kaalaman at kabatiran sa mga nakikinig, tiyak at tuwiran. | 4.24 | Mataas |
| 3. Sensitibo ako sa paggamit ng diyalekto at barayti ng wika sa pagtuturo. | 4.15 | Mataas |
| 4. Gumagamit ako ng makatuwirang pagsasalaysay o paglalarawan bilang tanda ng pagbibigay-diin sa punto ng pakikipag-usap. | 4.22 | Mataas |
| 5. Nagagamit at nakatutugon ako ng may malawak na kaalaman hinggil sa rehistrong wika. | 4.24 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.23** | **Mataas** |

**Talahanayan 9**

*Antas ng Kakayahang Komunikatibo Batay sa Kakayahang Pragmatik at Istratedyik*

| Kakayahang Pragmatik at Istratedyik | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Gumagamit ako ng angkop na ekspresyon ng mukha kapag nagsasalita. | 4.33 | Pinakamataas |
| 2. Gumagamit ako ng angkop na kumpas ng kamay sa pagpapahayag ng punto o pagpapaliwanag ng ideya. | 4.30 | Pinakamataas |
| 3. Gumagamit ako ng wika nang maayos at magkakaugnay na paraan sa pagpapahayag ng kaalaman. | 4.32 | Pinakamataas |

| | | |
|---|---|---|
| 4. Gumagamit ako ng wika nang maayos at magkakaugnay na paraan sa pagpapahayag ng kaalaman ayon sa uri at sitwasyon ng komunikasyon. | 4.35 | Pinakamataas |
| 5. Pumipili ako ng wastong salita sa pagbuo ng teksto o pakikipag-usap. | 4.39 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.34** | **Pinakamataas** |

**Talahanayan 10**

*Antas ng Kakayahang Komunikatibo Batay sa Kakayahang Diskorsal*

| Kakayahang Pragmatik at Istratedyik | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| 1. Gumagamit ako ng wika sa pagsasalita upang maisulong ang paghahambing, pagbabahagi, at paglilinaw ng mga konsepto at mga paniniwala. | 4.41 | Pinakamataas |
| 2. Sumusulat ako ng ibat ibang teksto, pasalita man o pasulat na mag hustong kayarian. | 4.15 | Pinakamataas |
| 3. Sumusulat ako ng argumentatibong salaysay na nailalapat ang tuntuning panggramatika at kahulugan ng teksto. | 3.95 | Pinakamataas |
| 4. Nauunawa at nakapagpahayag ako ng isang kahulugan ng teksto. | 4.14 | Pinakamataas |
| 5. Nakapagdidikit ako ng kahulugan ng mga pangungusap o pahayag sa paraang pasalita o pasulat. | 4.13 | Pinakamataas |
| **KABUOAN** | **4.16** | **Pinakamataas** |

**Talahanayan 11**

*Buod ng Antas ng Kakayahang Komunikatibo*

| Indekeytor | Mean | Deskripsiyon |
|---|---|---|
| Kakayahang Lingguwistiko | 4.15 | Mataas |
| Kakayahang Sosyolingguwistiko | 4.23 | Mataas |
| Kakayahang Pragmatik at Istratedyik | 4.34 | Pinakamataas |
| Kakayahang Diskorsal | 4.16 | Mataas |
| **KABUOAN** | **4.22** | **Mataas** |

**Antas ng Kakayahang Komunikatibo** ay nagtamo ng kabuoang mean na mataas, maaaring maiugnay sa pahayag na may deskriptibong lebel na mataas matapos suriin ang indikeytor nito. Ang kakayahang pragmatik at estratedyik ay nakakuha ng pinakamataas na lebel. Lumabas sa pagsusuri ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral ay madalas na naipamalas. Ito ay nagpapahiwatig sa mga respondente na layunin ng komunikasyon sa angkop na pamamaraan.

Sa pag-aaral nina Bautista at Del Valle (2023) tungkol sa kakayahang komunikatibo sa paggamit ng wika sa pagsasalita na may layuning gumawa ng aktibidad upang palakasin ang kakayahang komunikatibo. Ipinakita ng pagsusuri na may malaking kaugnayan sa oral na pagsasalita. Sa ganitong aspeto, nagpapahiwatig na natuklasan sa gawain ng pagsasalita ay magpapalakas ng kakayahang komunikatibo tungo oral na paggamit ng wika upang masiguro ang maksimum na pakikilahok at paggamit ng target na wika nang maayos, maaaring ituring ng mga mag-aaral ang pagsasalita bilang paraan ng pakikipag-usap upang maipahayag ang kahulugan at maghatid ng mga ugnayang panlipunan sa iba.

Maihahambing sa pagsusuri na isinagawa ni Rebato (2024) ang pagpapalakas ng kakayahang komunikatibo sa silid-aralan ng wikang Filipino ay patuloy na pagsisikap na nangangailangan ng malawakang pang-unawa at estratehikong pakikilahok. Sa dinamikong konteksto, natuklasan ng pananaliksik na umiiral ang positibong pananaw sa wikang Filipino na nagpapahiwatig sa pag-unlad ng wika at pakikisangkot sa kultura. Sa kabila ng hamon, ipinakita rin ng pagsusuri ang kalakasan sa diskurso at estratehiya na nagpapahiwatig ng isang malalim na mayamang profile sa pagitan ng pangkat nila. Sa kabuoan, natukoy ang pananaw ng mga mag-aaral at ang kakayahang gramatikal na nagpapalakas sa masalimuot na pagtatalo sa pagitan ng mga salik ng damdamin at kakayahang linggwistiko, kahalagahan ng pagpapalago ng isang positibong disposisyon sa pag-aaral ng wika.

Dagdag pa, sa pananaliksik ni Fariha et al, (2023) ay nagpapatibay ng mahalagang ugnayan ng kakayahang sosyolingguwistiko at kasanayan sa pagsasalita sa mga kalahok, na nagbibigay-diin sa napakahalagang papel ng kakayahan sa sosyolingguwistiko sa pagpapabuti ng kasanayan sa pagsasalita. Ang mga resulta ay nagtutulak sa resiprokal na impluwensya sa

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

pagitan ng dimensyong ito. Nagbibigay daan sa pangangailangan para sa estratehiyang inihanda sa pag-aaral na naglalaman ng dimensyong sosyokultural. Maaaring magtuon ang susunod na pananaliksik sa pagpapatupad ng mga pamamaraang sosyolingguwistiko ng edukasyon sa wika upang mapabuti ang kakayahan sa komunikasyon at kamalayang sosyolingguwistiko.

## KONKLUSYON

Batay sa resulta ng pag-aaral, ang mga respondente mula sa Batsilyer sa Sekundaryang Edukasyon Medyor sa Filipino ng Kapalong College of Agricultture, Sciences and Technology ay nakakuha ng pinakamataas na antas sa positibong pagtutulungan, indibidwal at pangkatang pananagutan, harapang pampromosyon at interaktibo, kakayahang interpersonal at pangkatang proseso bilang mga palatandaan sa antas ng kooperatibong pagkatuto. Pagdating sa kakayahang komunikatibo ang kakayahang pragmatik at istratedyik ay may palatandaan na resulta bilang pinakamataas. Ang kakayahang lingguwistiko, kakayang sosyolingguwistiko at kakayahang diskorsal ay may palatandaan nito na nakakuha ng parehong resulta na mataas.

Ipinakita naman ng pangkalahatang resulta na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng Kooperatibong Pagkatuto at Kakayahang Komunikatibo ng mga Magaaral sa Medyor sa Filipino. Subalit, ang resulta sa bawat sukat o aytem ng antas ng kooperatibong pagkatuto ay mas mataas kaysa kumpara sa sukat ng kakayahang komunikatibo. Gayunpaman, ipinapahiwatig pa rin nito na ang malayang baryabol na antas ng kooperatibong pagkatuto ay may epekto sa lebel ng kakayahang komunikatibo ng mga mag-aaral. Sa gayon ito ay nagpapatunay na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol.

Samatuwid, ito ay nagpapahiwatig lamang na ang anumang pagbabagong nagaganap sa malayang baryabol na kooperatibong pagkatuto ay hindi nakakaimpluwensiya sa di-malayang baryabol na kakayahang komunikatibo. Sa parehong sitwasyon, ang anumang pagbabagong nagaganap sa kakayahang komunikatibo ay walang makabuluhang impluwensiya sa kooperatibong pagkatuto ng mga mag-aaral. Maliwanag na isinasaad nito ang kooperatibong pagkatuto bilang malayang baryabol na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng kakayahang komunikatibo.

## TALASANGGUNIAN

1. *Alharbi, A. O. (2020). Exploring Communicative Language teaching Principles alignment of English Textbook in Saudi Arabia Middle School. Arab World English Journal, 11(4), 96–109. https://doi.org/10.24093/awej/vol11no4.7*
2. *Apuke, O. D. (2017). Quantitative Research Methods : A Synopsis approach. Kuwait Chapter of Arabian Journal of Business & Management Review, 6(11), 40–47. https://doi.org/10.12816/0040336*
3. *Bautista, R. B., & Del Valle, J. (2023). Communicative competence and oral language usage of Filipino learners in English. International Journal of Educational Management and Development Studies, 4(1), 1–24. https://doi.org/10.53378/352957*
4. *Chentez, K. R., Felicilda Jr, J. V., Felisilda, A. R. & Tabañag, R. E. (2019). Common Problems in Oral Communication Skills Among High School Students.* SMCC Higher Education Research Journal (Teacher Education Journal), 1*(1).*
5. *Dornyei, Z. (2018). Anxiety and language learning. In The Oxford handbook of second language learning (pp. 537-556). Oxford University Press.*
6. *Fariha, N., Anwar, K., & Maruf, N. (2023). Exploring the correlation of sociolinguistic competence and speaking proficiency, and how learners perceived them. English Review: Journal of English Education, 11(3), 1001-1012. https://doi.org/10.25134/erjee.v11i3.9083*
7. *Harahap, E., & Pardedea, N., (2017) Self-concept in student learning and motivation truant: Descriptive - correlation studies. Gudinea | Jurnal Ilmu, 7(1), 48 53. https://media.neliti.com/media/publications/178216-EN-self-concepts-instudentslearning-and-mot.pdf*
8. *Khalifeh, A. J., Almousa, N. A., Ammari, R. M., & Jarrah, L. A. (2022). Students' attitudes towards Applying Cooperative Learning Strategy at Amman Arab University. Journal of Language Teaching and Research, 13(5), 997–1006. https://doi.org/10.17507/jltr.1305.12*
9. *López, B. M., Ledesma‐Chaves, P., & Gil‐Cordero, E. (2023). Visual thinking and cooperative learning in higher education: HOW does its implementation affect marketing and management disciplines after COVID-19? The International Journal of Management Education, 21(2), 100797. https://doi.org/10.1016/j.ijme.2023.100797*
10. *Mendo-Lázaro, S., Del Barco, B. L., Del Río, M. I. P., & Ramos, V. M. L. (2022). The impact of cooperative learning on university students' academic goals. Frontiers in Psychology, 12. https://doi.org/10.3389/fpsyg.2021.787210*
11. *Rebato, L. O. (2024, February 24). Attitude towards the Filipino language and communicative competence of senior high school students in Samar National School. Texas Journal of Philology, Culture and History -. https://zienjournals.com/index.php/tjpch/article/view/5038*